



Ang NY State of Health ay ang opisyal na Marketplace ng Plan sa Kalusugan ng New York.

Paano ako mag-e-enroll?



Online sa
nystateofhealth.ny.gov



Sa pamamagitan ng telepono sa
1-855-355-5777
TTY
1-800-662-1220



Bumisita sa isang Personal na Tagatulong (In-Person Assistor) sa
info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, kasarian, edad, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

Nagbibigay ang lahat ng plan ng NY State of Health ng mga libreng benepisyong pang-iwas sa sakit para sa mga taunang check-up at screening...


Ngunit alam mo ba na sakop ng ilang plan ang pagpapatingin sa doktor kapag may sakit ka kahit na hindi mo natugunan ang iyong deductible?

1 **Ano ang isang pagpapatingin dahil sa sakit?**

- Ang pagpapatingin dahil sa sakit ay isang pagpapatingin sa doktor kapag ikaw ay may sakit, tulad ng trangkaso o impeksiyon sa sinus.¹

2 **Paano gumagana ang plan na sumasakop sa mga pagpapatingin dahil sa sakit bago ang deductible?**

- Ang deductible ay isang halagang dapat mong bayaran bago maging sakop ng plan ang anumang mga serbisyong pangkalusugan na mga benepisyong hindi pang-iwas sa sakit.
- **Babayaran ng ilang plan ang mga pagpapatingin dahil sa sakit bago mo matugunan ang iyong deductible.**
- Nangangahulugan itong makakabili ka ng plan na may mas mababang halaga at magkakaroon ka at ang bawat isa sa mga sakop na miyembro ng iyong pamilya ng tatlong libre o murang pagpapatingin dahil sa sakit sa doktor bago matugunan ang iyong deductible.
- Maaaring responsable ka pa rin sa paggawa ng copayment, kung kinakailangan.



3 Aling mga plan ng NY State of Health ang sakop ang mga pagpapatingin dahil sa sakit bago mo dapat matugunan ang isang deductible?

- Sa 2020, **lahat ng karaniwang mga Tanso na plan** (hindi kasama ang mga opsyon sa Health Savings Account [HSA, Savings Account para sa Kalusugan]) ay magkakaroon ng tatlong libreng pagpapatingin dahil sa sakit nang walang anumang co-payment o deductible.
- Ang ilang **Ginto at Pilak na plan** ay magkakaroon din ng tatlong libreng pagpapatingin dahil sa sakit bago ang deductible.²
- Walang deductible ang mga **Karaniwang Platino na plan**.

4 Paano ako makakahanap ng plan ng NY State of Health na sakop ang tatlong libreng pagpapatingin dahil sa sakit bago ang deductible?

Mayroong mga plan sa kalusugan na nag-aalok ng tatlong libre o murang pagpapatingin dahil sa sakit sa bawat county.

Upang matuto pa:

- Bisitahin ang tool sa pamimili at pagkumpara ng plan ng NY State of Health sa nystateofhealth.ny.gov
 - Hanapin ang mga plan na may "ST3PCP" sa pangalan ng plan.
- Bumisita sa isang libre at sertipikadong tagatulong sa pag-enroll ng NY State of Health. Para makahanap ng isa sa iyong komunidad:
 - Bisitahin ang info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor
- Tumawag sa amin sa 1-855-355-5777, TTY: 1.800.662.1220.

1. Kasama sa mga pagpapatangin dahil sa sakit ang mga pagpapatingin sa mga tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na espesyalista sa family medicine, internal medicine, pediatric medicine, obstetrics, gynecology, o mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o kalusugan ng pag-uugali o sa pagkalulong sa alak o droga.

2. Maaaring isagawa ang ilang serbisyo, tulad ng mga pagsusuri sa laboratoryo, sa panahon ng pagpapatingin dahil sa sakit at maaaring mayroong cost-sharing o napapailalim sa iyong deductible.